REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

# Senate

Pasay City

# Journal

**SESSION NO. 42**

Monday, January 20, 2014

**SIXTEENTH CONGRESS**

**FIRST REGULAR SESSION**

**SESSION NO. 42**
Monday, January 20, 2014

## CALL TO ORDER

At 3:00 p.m., the Senate President, Hon. Franklin M. Drilon, called the session to order.

## PRAYER

Sen. Aquilino "Koko" L. Pimentel III led the prayer, to wit:

> Thank you, dear God, for the gift of life, for another day that You have given us – another day to give service to the Filipino people and to one another, and to share Your blessings with our brothers and sisters.
>
> We pray for wisdom to distinguish right from wrong according to Your will.
>
> Bless this august Chamber, O Lord, so that we may do the job the people sent us here for. We pray that You guide our sessions to make these responsive to the needs of our people, especially those of our brothers and sisters who have been and still are suffering from the natural calamities that have devastated many areas of our country.
>
> It has been said, there is blessing in our pain; it is when we are feeling helpless that God's grace and strength sustain. It has also been said that by reaching out to people in need, we can extend to others this grace of God in Christ, guiding them to His healing touch.
>
> For the leaders of our nation, O Lord, we pray that, especially in these times of need, You may grant them the wisdom and probity to set aside any political agenda and advance only the welfare of the people.
>
> Guide us and bring us safely to Your Heavenly Kingdom and never forsake us.
>
> This we pray in Your Most Holy Name.
>
> Amen.

## NATIONAL ANTHEM

The *Himig Bulilit* Choir of St. Paul College, Parañaque, gold medalist in the Children's Choir Open Category of the Third Asia-Pacific Choir Games held last October 14, 2013 at Manado City, Indonesia, led the singing of the national anthem and thereafter rendered the song, entitled *Isang Dugo, Isang Awit, Isang Musika.*

## ROLL CALL

Upon direction of the Chair, the Secretary of the Senate, Atty. Oscar G. Yabes, called the roll, to which the following senators responded:

| | |
|---|---|
| Angara, S. | Lapid, M. L. M. |
| Binay, M. L. N. S. | Legarda, L. |
| Cayetano, A. P. C. S. | Marcos Jr., F. R. |
| Cayetano, P. S. | Osmeña III, S. R. |
| Drilon, F. M. | Pimentel III, A. K. |
| Ejercito, J. V. G. | Recto, R. G. |
| Enrile, J. P. | Revilla Jr., R. B. |
| Escudero, F. J. G. | Sotto III, V. C. |
| Estrada, J. | Trillanes IV, A. F. |
| Honasan, G. B. | Villar, C. A. |

With 20 senators present, the Chair declared the presence of a quorum.

Senators Aquino and Poe were on official mission abroad.

Senator Guingona was likewise on official mission.

Senator Defensor Santiago was on sick leave.

*hl p*

## APPROVAL OF THE JOURNAL

Upon motion of Senator Cayetano (A), there being no objection, the Body dispensed with the reading of the Journal of Session No. 32 (November 18-21 and 25, 2013), Session No. 33 (November 26, 2013) and Session No. 41 (December 18, 2013), and considered them approved.

## ACKNOWLEDGMENT OF THE PRESENCE OF GUESTS

At this juncture, Senator Cayetano (A) acknowledged the presence in the gallery of the following guests:

- The Ambassador of Canada, His Excellency Neil Reeder, and Canadian Senator Tobias C. Enverga, Jr., a Filipino-Canadian whose family hails from Quezon; and
- Mayor Enrique Cabos of Mercedes, JaimeTy of General MacArthur, Sheen Gonzales of Guiuan, Nedito Campo of Quinapondan, and Melchor Melgar of Salcedo, all in the Province of Eastern Samar.

Senate President Drilon welcomed the guests to the Senate.

## SUSPENSION OF SESSION

Upon motion of Senator Cayetano (A), the session was suspended to allow the senators to greet Senator Pimentel on the occasion of his birthday.

*It was 3:10 p.m.*

## RESUMPTION OF SESSION

At 3:12 p.m., the session was resumed.

## DEFERMENT OF THE REFERENCE OF BUSINESS

Upon motion of Senator Cayetano (A), there being no objection, the Body deferred the reading of the Reference of Business to the following day to give enough time for the privilege speech of Senator Revilla and to allow the senators to join in the National Day of Prayer.

## ACKNOWLEDGMENT OF THE PRESENCE OF GUESTS

At this juncture, Senator Cayetano (A) acknowledged the presence in the gallery of the following guests:

- Former Senator Ramon Revilla Sr., Congresswoman Lani Mercado-Revilla, Cavite Governor Jonvic Remulla and Vice-Governor Jolo Revilla, Mayor Strike Revilla, and Antipolo City Mayor Jun Ynares;
- *Sangguniang Panlalawigan* of Cavite and *Sangguniang Panlungsod* of Bacoor, local officials including mayors, barangay captains and organizations from the Province of Cavite;
- Leyte Rep. Ferdinand Martin Romualdez; and
- Pastors Peter Kairuz, Albert Clavo and Peter Tan-chi and Bishop Efraim Tendero.

Senate President Drilon welcomed the guests to the Senate.

## SUSPENSION OF SESSION

Upon motion of Senator Cayetano (A), the session was suspended.

*It was 3:14 p.m.*

## RESUMPTION OF SESSION

At 3:15 p.m., the session was resumed.

## PRIVILEGE SPEECH OF SENATOR REVILLA

Availing himself of the privilege hour and rising on a question of personal privilege, Senator Revilla delivered the following speech:

### ITO BA ANG DAANG MATUWID?

*Mga mahal kong kababayan, aking mga kasamahan dito sa Senado, sa kabila ng pagyurak sa aking pagkatao, sa kabila ng pagkitil sa aking mga karapatan, sa kabila ng halos pagwasak sa aming buong angkan, kinimkim ko po ang nilalaman ng aking kalooban sa loob ng mahigit limang buwan.*

*Pero, narito po ako ngayon upang humarap sa ating mga kababayan sa ngalan ng katotohanan at sagutin ang lahat ng mga akusasyong ibinabato sa akin na pawang walang basehan.*

*Kung tutuusin, mas madali sanang tumahimik at magpasawalang-kibo. Puwede ko namang piliin na hindi magsalita. Puwede kong abangan na lamang ang magiging hatol nila sa akin. Pero hindi ko po ito kayang dibdibin.*

*Tinimbang ko po ang lahat, lalo na ang payo sa akin ng aking mga abogado na huwag na akong makipagsagutan. Pero ito po ako at walang halong kaba.*

*Utang ko po sa kulang-kulang 16 milyon na bumoto sa akin noong 2004, at halos 20 milyon na bumoto sa akin noong 2010, na marinig ang aking sagot at putulin na ang kanilang paghihintay.*

*Naiintindihan ko po ang galit ng ibang tao. Ako man ay magagalit din, kung hindi ko pa naririnig ang buong katotohanan. At katulad din ng ating mga mahal na kababayan, naghahanap din ako ng katarungan, kahit sino pa ang tamaan!*

*Paulit-ulit na binabanggit ang aking pangalan na kumita at nagbulsa ng pera ng bayan sa pamamagitan ng mga bogus* NGOs. *Pero sa makailang ulit na pagharap ng kanilang paboritong* whistleblower *sa Senado at sa* media *ay paulit-ulit naman nilang sinasabi na hindi nila ako kakilala at kahit minsan, hindi nila ako inabutan ng pera.*

*Ganunpaman, pilit pa rin akong isinasangkot sa eskandalong kitang-kita na sila mismong mga* whistleblowers *at iba pa nilang mga kasabwat ang may kagagawan ng lahat.*

*Inamin ng kanilang* whistleblower *na eksperto siya sa panggagaya at pamemeke ng pirma.*

*Ibig sabihin, sila ang gumagawa ng lahat ng dokumento mula sa* endorsement *ng proyekto pati mismong pag-notaryo, hanggang mailabas ang pondo sa* DBM *na pinaglulunggaan ng mga may* doctorate *sa pagbuo ng sindikatong* "SARO gang" *at anomalyang katulad ng sampung bilyong* pork barrel scam.

So, for the record, I have nothing to do with this scam, those whistleblowers nor Janet Lim Napoles. I have no dealings and transactions with them!

*At this point, Senator Revilla invited everyone to look at the PowerPoint presentation.*

*Tingnan ninyo kung gaano kasinungaling ang mga iyan. Sabi nila, iyan daw po ang aking pirma. Ito naman, tingnan ninyo, iba naman ito, pirma ko rin daw iyan.* I will show you another signature. *Sinasabi nila na kinunfirm* (confirm) *ko raw ang mga pirmang iyan at iyong iba pa.* Common sense *lamang po.* I did not confirm anything!

So, Madam COA, *hindi po ba malinaw pa sa sikat ng araw na iba't-iba ang mga pirma na iyan? Hindi ko po pirma ang mga nasa dokumento na sinasabi ng mga ito na ebidensiya laban sa akin, ngunit patuloy pa rin nila akong pinagmamalupitan.*

*Paulit-ulit po na sinasabi ni* Benhur Luy *sa* hearing *ng* Blue Ribbon Committee *na siya ang pumeke ng pirma sa lahat ng mga dokumento. Ang mga kasamahan pa nga niya mismo ang nagsabing magaling at* expert *siyang pumeke ng mga pirma.*

*Panoorin po natin ito: (Video presentation)*

*Samakatuwid, ito palang si Benhur Luy ay si* "Boy Pirma."

*Kung ang mismong* DBM *nga mayroong* "Boy Xerox" *na namemeke ng mga* SARO, *bakit napakahirap paniwalaan na dito sa* PDAF *ay mayroon namang* "Boy Pirma" *na mamemeke ng pirma sa mga dokumento? Bakit 'pag lilinisin ang tauhan nila sa* DBM, not guilty without thinking? *Pero kapag kalaban nila,* no way? Oh no, that is very ... aBAD!

*Sa halip na kasuhan dahil sa pag-aming pineke nila ang mga pirma ng mga mambabatas, mas pinili nilang gawin itong testigo laban sa kung sinu-sino para lamang mabuo ang kanilang planong wasakin ang inyong lingkod at mga taong sa tingin nila ay magiging tinik sa lalamunan nila sa* 2016.

*Agad-agad nilang ginawang* state witness *ang mga umaming kriminal. Hindi po ba sa normal na proseso, ang korte lamang ang may kapangyarihan na magsabi kung sino ang hindi* most guilty *at puwedeng gawing* state witness? *Hindi po ba mangyayari lamang ito matapos silang mademanda bilang akusado ayon sa krimen na kanilang kinasasangkutan? Pero ano? Ano po ang ginawa nila? Ora-orada nilang ginawang* state witness *itong mga* Jukebox King and Queen *na si* "Boy Pirma" *at ang kaniyang mga alipores.*

*Kahit ano ay kanilang kinakanta ayon sa kagustuhan ng naghulog ng pera kapalit ang pangakong hindi sila makakasuhan.*

*Balikan ko lamang ang binanggit na ibinulsa ko raw na komisyon sa mga proyekto mula sa* PDAF. *Ayon kay* Benhur Luy, *ibinigay daw sa aking* chief of staff *at* chief political officer *na si* Atty. Richard Cambe *ang pera. At upang maging kapani-paniwala ang kanilang alegasyon, nagbigay pa sila ng petsa kung kailan at kung saan daw ibinigay ng* whistleblowers *ang pera. Sa biglang tingin, iisipin mo na totoo ang bintang pero sa katotohanan, napakasinungaling talaga nila.*

For the record, *kailanman, mula noon hanggang ngayon, hindi ko naging* chief of staff *o* chief political officer *si* Atty. Richard Cambe. Get your facts straight!

*Sabi ni* Benhur Luy, *tiyak siya sa listahan na ginawa niya. Yabang pa niya, sigurado siya sa mga petsang nakalista doon.*

*Kung humahaba lamang ang ilong nitong si* Benhur Luy *tuwing nagsisinungaling siya, malamang umabot na ang kanyang ilong mula dito sa Senado hanggang* Malacañang.

*Paano niya maibibigay kay* Richard Cambe *ang pera kung wala naman ang taong ito sa Pilipinas sa petsa at araw na nakalista sa kanyang* ledger?

*Sa mismong mga* pictures *na ito sa kanyang* passport *at sa* record *ng* PAL *ay ipinakikita at pinatutunayang wala sa Pilipinas si* Attorney Cambe *na sinabi nilang inabutan ng pera sa mga petsang iyon. Falsus in uno, falsus in omnibus* – false in one, false in all. *Sinungaling sa isa, sinungaling sa lahat!*

*Mga kababayan, itanong ninyo sa inyong mga sarili, bakit po dapat paniwalaan ang sinungaling na* political wrecking crew *na ito, mga nagkukunwari at pekeng* whistleblower?

*Isinusumpa ko sa halos dalawampung milyong botante na nagtiwala at bumoto sa akin, hindi po ako nagtraydor sa inyo. Bigyan ninyo po ako ng pagkakataon na linisin ang aking pangalan. Huwag ninyo po akong husgahan.*

*Sa halos dalawampung taon ko po sa paglilingkod-bayan bago ang isyung ito, ni minsan ay hindi ako naakusahan ng katiwalian at wala ni isang kaso ang isinampa laban sa akin.*

*Nabalitaan po namin na may pagkilos ngayon na bahiran ang lahat ng aking naipundar. Gusto pa nila gamitin laban sa akin ang mga bunga ng aking pagsisikap para ako ay patahimikin. Lilinawin ko lang po, lahat ng mayroon ako ngayon ay mula sa aking sariling pawis at sa marangal na paraan.*

*Sa murang edad na labing-anim ay nagumpisa na po akong magtrabaho – nagsipag, nagsikap para magkaroon ng mabuting pangalan at disenteng kabuhayan.* Since then, I have never stopped working and have been working for over 30 years. *Kung ano man po ang mayroon ako at ang aking pamilya, ang lahat po ng ito ay pinaghirapan ko sa magdamag na* shooting *ng daang pelikula, maghapon at magdamag na* taping *ng mga* TV shows, *mga* product endorsements *at mga* commercials.

*Hanggang ngayon, nagtatrabaho ako sa labas ng gobyerno para sa kabuhayan ko at ng aking pamilya.. Ganoon din ang aking asawa. Ginagawa po namin ito para malinaw na hindi namin kinukuha sa pera ng tao ang aming ikinabubuhay.*

*Utang na loob ko po sa mga Pilipino, sa mga tagahanga ko at nagmamahal sa akin kung nasaan ako at kung sino ako ngayon. Hindi po ako magiging* Bong Revilla *kung hindi dahil sa kanila – mula sa aking pagiging artista, hanggang ako nga po ay naging bise gobernador at gobernador ng lalawigan ng Cavite, naging* chairman *ng* VRB, *at ngayon nga ay senador ng ating bansa.*

*Iyan ang dahilan kung bakit napakaimposible ang ibinibintang nila sa akin ngayon. Hindi ko kayang talikuran ang pagtitiwala at pagmamahal sa akin ng ating mga kababayan. Sila ang dahilan ng aking paninilbihan at alang-alang sa kanila, ipagpapatuloy ko ang aking laban at paglilingkod.*

*Ang nakakalungkot lang, dahil lamang sa pulitika, ang aking pangalan at ang aming pagkatao, at lahat ng bunga ng aking pagsisikap, basta-basta na lang ginigiba at sinisira. Para na nila akong pinatay; unti-unting tinatalupan nang buhay; hinihiwa ng* blade *ang buong katawan na lumalatay sa aking pamilya. Ang hirap lang, sa hangad ko na tumulong, ako pa ngayon ang ikukulong.*

*Gusto ko pong ipaabot sa mga minamahal nating kababayan na ang lahat ng ito ay isang palabas lamang ng gobyernong nabigong maglingkod nang totohanan sa publiko at nagkukunwaring may malasakit sa bayan gamit ang propagandang "Tuwid na Daan."*

I quote former President Fidel V. Ramos: "*Daang tama* or the right path should be based

on *daang matuwid* or straight path. But the latter is not enough. To achieve the right path, the straight path must be enhanced by clear vision, people empowerment, inclusiveness, outreach, performance, and competitiveness."

*Nakikita ba natin ito sa "Daang Matuwid" ng administrasyong ito?*

*Inaamin ko po na noong mga unang buwan ay masyado akong nasaktan sa kakaibang panggigipit na ginawa sa akin ng* Malacañang. *Lalo na nang ibuhos ang lahat ng pwersa ng gobyerno para wasakin ang aking pangalan na mahabang panahon kong iningatan. Pero kalaunan, naisip ko na ang dinaranas ko ay bahagi ng pulitika at matinding intriga na mas masahol pa sa kinamulatan kong mundo ng pelikula.*

*Naisip ko rin po na masyadong maliit ang problemang ito na idinagan sa akin ng gobyernong* Aquino *kung ikukumpara sa hinambalos nilang labis na pagpapabaya sa mga kababayan nating sinalanta ng bagyong* Yolanda.

*Mas magaan pa rin ito kung ikukumpara sa libu-libong bangkay na hinayaan ng gobyerno na nakatiwangwang at pinag-piyestahan ng langaw kahit mahigit dalawang buwan nang nakalipas ang* super typhoon.

*Mas magaan pa rin ang akusahan ka ng krimen na hindi mo ginawa kaysa sabihan ka ng "bahala ka sa buhay mo" at hayaan na lang na mamatay sa uhaw, gutom at kakulangan sa ayuda ang ating mga kababayan sa* Tacloban.

*(1) Nang tamaan ng bagyong Yolanda ang* Kabisayaan, ang tugon nila, *"bahala kayo sa buhay ninyo!" Yan ba ang Daang Matuwid?*

(*Video presentation*)

*(2) Nang humingi ng saklolo ang isang negosyante sa* Tacloban *nang siya ay paputukan ng baril dahil sa* looting *matapos ang Yolanda, ang tugon ng Presidente, "Buhay ka naman ah!" Yan po ba ang "Daang matuwid?"*

*(3) Kapabayaan ng pamahalaan kung bakit napakalaki ngayon ng problema natin sa kuryente at enerhiya. 2011 pa nang unang pag-usapan ang nakaambang* power crisis *pero hanggang ngayon ay wala pa ring konkretong aksyon. Magkakaroon na raw tayo ng* rotational brownouts *sa mga susunod na buwan.* In fact, *nangyayari na ito ngayon sa* Mindanao. *Ito ay sa kabila ng pag-alagwa ng mga* power producers *na nagtaas ng singilin. At nang itataas na ang presyo ng kuryente, makatuwiran daw ito para sa* Malacañang (Slide of Secretary Coloma's direct quote). *Yan ba ang Daang Matuwid? Uulitin ko, nagpabaya kayo!*

*(4) Ilan taon nang sinasabi ang kakulangan ng seguridad sa ating* national airport. *Pero kailan lang ay may binaril at pinatay na alkalde sa* airport, *at hanggang ngayon, nasa puwesto pa rin ang mga opisyal na dapat ay* accountable *sa kapabayaang ito. Ito ba ang Daang Matuwid?*

*(5) Ano na ang nangyari sa mga biktima ng lindol? Ano na ba ang tunay na kalagayan ngayon sa* Zamboanga *at ng mga biktima ng gulo doon? Yan po ba ang Daang Matuwid? Maayos na po ba ang buhay ngayon sa* Zamboanga?

*(6) Plano nilang itaas ang pamasahe sa* MRT at LRT; *patuloy na pinahihirapan ang mga motorista dahil sa kapalpakan sa* LTO *at* DOTC; *sa kabila ng malalang* smuggling, *patuloy na tumataas ang presyo ng bigas, gayundin ng mga pangunahing bilihin; Itataas nila ang singil sa tubig,* SSS *at* PhilHealth. *Ito ba ang Daang Matuwid?*

*(7) Nang mabuko ang daang bilyong pisong DAP, sa kabila ng paghingi ng* media *at ng sambayanan, nasaan ang listahan kung saan ginastos ang mga perang yan? Bakit hanggang ngayon hindi nyo mailabas? Yan po ba ang Daang Matuwid?*

(8) *Sa kabila ng pinagsisigawang pag-unlad ng ekonomiya, sabi ng* National Statistical Coordination Board, *mas dumami pa ang nagugutom; at ayon sa* SWS, *tumaas pa sa 55% ang kahirapan nitong nakaraang* 2013. *Yan ba ang Daang Matuwid?*

(9) *Nabuko kamakailan ang mga pekeng listahan sa* CCT, Conditional Cash Transfer, *kung saan daan-bilyong piso ang naka-salalay. Para pa naman yan sa mga pinaka-mahirap sa mahirap. Yan ba ang Daang Matuwid?*

(10) *Ayon sa* survey *ng* SWS *sa mga negosyante para sa* 2013, *lumabas na tumaas sa 56% ang personal na nakaranas ng matinding korapsyon;* 42% *naman ang nagsabing kinailangan nilang maglagay para makakuha ng kontrata sa gobyerno. Yan ba ang Daang Matuwid?*

(11) *Nito lang, nabisto na* substandard, over-priced, *at di ayon sa* specifications *at*

hl ps

building code *ang mga itinatayong* bunkhouses *para sa mga biktima ng Yolanda. Mismong mga biktima, binibiktima pa. Anak ng Teteng, yan ba ang Daang Matuwid?*

*Hindi naman natin kailangang maging henyo para maunawaan, na wala nang ibang inatupag ang administrasyong ito kundi mamulitika.*

*Kung ginamit lang ng pangulo ang kanyang popularidad para pagkaisahin ang bansa sa halip na makipag-away kaliwa't kanan; kung hindi puro paninisi ang kanyang ginagawa; kung hindi siya nagpapagamit sa mga taong nakapaligid sa kanya para sa kanilang pansariling interes; kung ibinigay lang nila, kahit kalahati lang ng kanilang atensyon sa totoong paglilingkod at paninilbihan, sana ay nasa mas magandang kalagayan na ang ating mga kababayan ngayon.*

*Pangulong Aquino, ikaw ang ama ng bayan. Ang kailangan ng bayan ay ang puso ng isang magulang. Puso! Puso, pagmamahal at pagkalinga ng isang ama.*

*Tingnan natin kung totoong tapat ang administrasyong ito. Bakit ang mismong lider pa ng kanilang partido ang nagpiyansa kay Grace Padaca nang ipaaresto siya ng Sandiganbayan dahil sa katiwalian?*

*Kung tutuusin, pareho naman kami ngayong may hinaharap na akusasyon. Yung sa kanya nga, nasa Sandiganbayan na at mayroon pang* warrant of arrest.

*Pero ang pagkakaiba, bukod sa personal na pagpiyansa ni Mar Roxas na lider ng kanilang partido at miyembro ng Gabinete, ang ginamit na pampiyansa ay mismong pera ng Pangulong Aquino. Opo, totoong hindi pa napapatunayan ang kanyang pagkakasala, kaya sana, parehas lang sa lahat.*

*Ganoon po ba talaga ang paraan natin ng hustisya? Kapag kapartido ang akusado, bibigyan ng pampiyansa ng Pangulo pero kapag kalaban ka, bibigwasan ka hanggang masira ang pangalan mo kahit* hearsay *at imbento lang ang ebidensiya?*

*At napag-uusapan din lamang ang ebidensiya, naging* headline *pa nga ito sa mga radyo, diyaryo at telebisyon ang sinasabi ng DOJ na trak-trak daw ang ebidensiya laban sa amin. Trak-trak daw!*

*Sa totoo lang, kung naipasok ang tangke sa Manila Pen — pasintabi lang sa kaibigan nating si Senator Trillanes — matagal ko nang pinag-iisipan kung paano ko ipapasok ang trak ng ebidensya dito sa Senado.*

*Pero, nagawan po natin ng paraan ito.* To the Pages, *pakipasok nga ang trak ng ebidensiya na yan.*

*Ito po ang sinasabi nilang isang trak ng ebidensiya. Ito pala ay trak-trakan lang ng bata.*

*Sa kagustuhan nilang wasakin ang aking pagkatao, ganyan nila lokohin ang publiko. Pati usaping legal... Pati usaping legal! Binabalahura nila.*

*Gusto ko lang po ipaalala,* President Aquino, *na ako, Senador Bong Revilla, si* Senator Juan Ponce Enrile, *si* Senator Jinggoy Estrada, *si* Commissioner Padaca, *at ang mahigit 90 milyong Filipino ay bahagi ng iyong pinamumunuan bilang halal na Pangulo.*

*Hindi ko na po hihilingin na piyansahan ninyo kami kung sakaling maglabas ng* warrant of arrest *laban sa amin ang Sandiganbayan. Ang kahilingan ko lamang, Ginoong Pangulo, ay itrato mo kaming pantay, at ipagpalagay na inosente hangga't hindi napatutunayan na kami nga ay nagkasala.*

*Huwag po sana nating isara ang ating mga mata sa tunay na katarungan para sa lahat, dahil ang Pilipinas po ay hindi lang republika ng inyong mga kapartidong dilawan.*

*Pero saan po ba nagsimula ang lahat ng ito?*

*Kung inyong natatandaan, noong mismong araw ng eleksiyon ng Mayo 13, 2013, ay pinalibutan ng mahigit 200 pulis ang aming bahay sa Cavite at inakusahang kumupkop ng mga* NBI agents *na sinasabi nilang lumabag sa* gun ban.

*Ito ay sa kabila ng pagsabi mismo ng dating* NBI Director Nonnatus Rojas *at ni* Justice Secretary Leila de Lima *na lehitimo ang operasyon sa Cavite ng mga ahente ng* premier investigating agency *ng bansa.*

*Lahat ng klase ng panghaharas* (harass) *ay ginawa na sa amin, kabilang na ang pagpatay sa marami naming* political *at* barangay leaders. *Isipin niyo, mismong mga pulis, hinagad ang mga* leaders *namin gamit ang mga pekeng* warrant of arrest.

*Yan ang dapat iniimbestigahan ng Senado.*

*Nang humingi kami ng tulong sa PNP at sa mga ahensiya ng pamahalaan, hindi responde ang aming natanggap bagkus ay kami pa ang*

*pinalibutan para hindi makalabas sa mismong araw ng halalan.*

*Sadyang napakabaluktot na ng ating tinatahak na daan. Kung sino ang inaapi at namatayan, siya pa ang pinapahirapan.*

*Kaya naman, tahasan kong sinasabi sa ating mga kababayan ngayon na nagsimula lang naman ang lahat ng panggigipit ng gobyerno sa akin magmula nang tanggihan ko ang pakiusap ng Pangulong Aquino na suportahan ang kanyang kandidato sa pagka-gobernador sa Cavite.*

*Magmula po noon, kakaibang* pressure *na at panghaharas* (harass) *ang ginawa sa amin, lalo na nang matalo ang kandidato ng Pangulo sa aming lalawigan.*

*Bago po pumutok ang nilikha nilang sarzuela ng* pork barrel scam, *may malaking isyu ng* extortion *sa kontrata ng* MRT *kung saan isinasangkot mismo ang kapatid at bayaw ni Pangulong Aquino. Ayon mismo sa* Ambassador *ng* Czech Republic, *may tangka raw kikilan ng* U.S.$30 million *ang* Inekon *para matiyak na makukuha nila ang kontrata sa* MRT.

*Pero ang* ending, *natalo ang* Inekon *sa* bidding *sa* MRT *matapos hindi makuha ang tatlumpung milyong dolyar.*

*Pangulong Aquino, sigurado akong naramdaman mo rin ang sakit at hapdi nang maisangkot ang kapatid mo at bayaw mo sa katiwalian. Masakit po, 'di po ba?*

*Para sa akin, Ginoong Pangulo, tila napa-kahirap paniwalaan na sangkot sila sa anomalyang yan. Kaya't naiintindihan ko kung bakit ganun na lang ang pakikipaglaban mo para linisin ang kanilang pangalan at ibangon ang kanilang karangalan.*

*Ganoon din po ako. Ibig ko lang linisin ang aming pangalan sa mga mali at mga gawa-gawang akusasyon.*

*Kung pag-uusapan lang naman po natin ang tama at mali, tama po ba na habang nililitis ang dating* Chief Justice *na si* Renato Corona *ay kailangang makialam ang mismong Pangulo ng Republika sa isang prosesong ligal na dapat ay independiyente?*

*Tingnan niyo po ang litratong ito.*

*Yan po ay* plate number *ng sasakyan na tinanggal ng may-ari at inipit dun sa kanyang sun visor.* Number six *po yan* which belongs to a cabinet secretary.

Now I bring your attention to the driver who is also the owner of the said vehicle. *Wala pong iba 'yan kundi si* DILG Secretary Mar Roxas, *na* DOTC secretary *noon.*

This picture was taken before the conclusion of the impeachment of then Chief Justice Renato Corona.

*Ang mga tanong: Sino ang kumuha ng litrato? Bakit siya nagmamaneho at bakit niya tinanggal yung plaka? Saan siya papunta?*

*Ako po mismo ang kumuha niyan.*

*Kinuha ko pa yan gamit ang aking* cellphone *nang ipinagmaneho ako ng aking* driver *na si "Boy Pickup"* Secretary Mar Roxas, *galing sa kanyang bahay sa* Cubao *papunta sa* Malacañang.

*Inimbitahan ako ni* DILG Secretary Mar Roxas *sa kanilang bahay sa* Cubao. *Dumating po ako doon mga alas-8:00 ng umaga. Pinaiwan niya sa akin doon ang aking mga kasama at sasakyan at ganundin, iniwan niya ang kanyang mga tauhan.*

*Ipinatanggal niya ang kanyang plaka, pinaupo niya ako sa likuran at pagkatapos noon ay umalis na kami patungo sa* Malacañang.

*Sa totoo lang po, ako ay naweirduhan* (weird) *sa mga nangyayari kaya ko po siya kinunan ng litrato.*

*Noong papasok na kami sa Bahay Pangarap, sumilip si* Secretary Roxas *para makilala siya ng guwardiya sa* gate.

*Kaya pala sa likod ako pinaupo ay para sa pagsilip ng guwardiya, hindi ako nito makikita, at magmukhang mag-isa lang siya at walang kasama.*

First time *ko lang po yung makapasok sa Bahay Pangarap. Matapos maghintay ng mga* 15 minutes, *dumating si* DBM Secretary Butch Abad. *Makalipas lang din ang mga limang minuto, hinarap na kami ng Pangulong Aquino.*

*Habang nag-aalmusal kami ng pan de sal, kesong puti, itlog, hamon, tapa, sinangag, at mga prutas, bumangka si* Secretary Mar *tungkol sa mga dahilan kung bakit dapat ma-*impeach *si dating* Chief Justice Corona. *Bago kami mag-tapos, nagulat ako nang sinabi sa akin ng Presidente "Pare, parang awa mo na, ibalato mo na sa akin ito. Kailangan siya ma-*impeach."

*Sabay sunod naman ni* Secretary Butch Abad, *"Magtulungan tayo, Senador."*

*Aaminin ko sa inyo, ako ay nabigla dahil sa tila dinidiktahan ako ng Pangulo kaya ang*

hlr ps

*naging sagot ko na lang,* "Mr. President, I will do what is right. *Naniniwala po ako na dapat manindigan sa tama, at gagawin ko lang po ang tama para sa bayan."*

*Pagkatapos noon, pinasakay ulit ako ni* Sec. Mar Roxas *sa kanyang itim na* SUV, *at inihatid niya ako sa isang restaurant sa labas ng* Malacañang. *Nag-aapura na daw itong si* Sec. "Boy Pick-up", *at kaya naman pala ay may iba pa siyang pipick-upin* (pick-up).

And the rest is history.

*Si dating* CJ Corona *ang kauna-unahang* Chief Justice *ng Korte Suprema na na-*impeach *sa puwesto.*

*Sinagot ko na ang mga tanong nyo sa mga imbentong akusasyon sa akin. Puwede po bang kayo naman ang sumagot?*

*Tama po ba na pakialaman ng Presidente ang* impeachment trial?

*Kaya ko po ito sinasabi ngayon ay dahil sa isang matinding pangamba.*

*Hindi ko po maalis sa aking isipan na kung nagawa ito ni PNoy kay CJ Corona ay maaaring gawin din niya ito na impluwensiyahan ang* Ombudsman *at Sandiganbayan laban sa amin.*

*At bakit naman hindi? Eh di ba putok na putok po ngayon ang pilit na pag-impluwensiya sa Korte Suprema para ideklarang konstitusyonal ang* pork barrel *ng Presidente na kilala bilang* DAP*? Di ba't tinatakot pa ang mga* justices *na mai-*impeach *sila at balita pa nga na yung* DAP *mismo ang ginamit sa* impeachment *noon? Aba,* habit-forming *na po ito.*

*Ganunpaman, sa kabila ng lahat ng pagtatangkang ito, lilinawin ko lang po na buo at napakataas pa rin ng aking tiwala sa mga institusyon at sistemang katarungan sa ating bansa, kasama na ang* Supreme Court, *Sandiganbayan at* Ombudsman. *Sana ay hindi ako nagkakamali.*

*Sa pagwawakas, ayoko nang muling magkimkim ng aking kalooban.*

We have all been witness to a calibrated plan of piecemeal and serial revelations aimed to create a bandwagon of hatred.

I, including my family and children, have been vilified and demonized in media. *Kawawa naman po ang aking buong pamilya.*

*Tama na po na ako ang kinukutya, pero, tama po ba na pati ang mga bata na wala namang kinalaman sa pulitika ay kinukutya? Tama po ba na sila ngayon ay binu-*bully?

*At dahil sa mga imbentong paratang at paninirang puri ay masyado itong dinamdam ng aking anak kaya't tumigil muna siya sa pag-aaral ng abogasya.*

*Napakasakit po para sa akin, bilang isang magulang, na sa halip na ako mismo ang magprotekta at mangalaga sa aking sariling mga anak, ay tila ako pa ang pinagmumulan ng kanilang paghihirap ng kalooban at pinagmumulan ng kanilang kahihiyan.*

*Napakasakit po na makita ang aking mga anak at mga pamangkin na itinatago ang kanilang pag-iyak, at pilit na nagpapakalakas para bigyan din ako ng tibay.*

*Kailan lang, sa isang* restaurant *sa* Tagaytay, *may matanda na lumapit sa akin. Tinapik niya ako sa balikat, sabay hawak nang mahigpit sa aking braso at kamay. Nangingilid pa po ang mga luha sa kanyang mga mata. Aaminin ko po, nagulat ako. Bigla na lang nagliwanag sa akin ang lahat pagkatapos niyang sambitin,* "Senator, *'wag kang bibitiw ha, lumaban ka. Naniniwala kami sa iyo."*

*Hindi ko po siya kilala, pero kung naririnig niya ako ngayon, "Salamat po muli, 'Tay. Isa kayo sa mga dahilan kung bakit patuloy ako ngayong tumitindig at lumalaban. 'Tay, hindi po ako bibitiw. Salamat po sa paniniwala ninyo."*

*Hindi po niyo alam, matagal na rin akong sinasabihan ng aking ama. Paulit-ulit siya, "Anak, magsalita ka na. Kakampi natin ang katotohanan. Ipaglaban mo ang ating dangal at ang ating pangalan."*

Daddy, *eto na po. Ipinaglalaban ko po ang katotohanan. Ipinaglalaban ko ang ating pangalan at ang atingdangal.*

I have already accepted whatever fate has in store for me. I have already accepted this political persecution and I will face whatever comes next.

*Tanggap ko na po kung anuman ang nakatadhana sa akin ayon sa sabwatan ng mga kapanalig ng Pangulong* Aquino. *Haharapin ko kung anuman ang parating.*

I am not afraid. *Hindi po ako natatakot.* I have already surrendered my fate to God.

*Sabi nga po sa* Isaiah Chapter 41, verses 10 and 11: "So do not fear, for I am with you; do

not be dismayed, for I am your God. I will strengthen you and help you; I will uphold you with my righteous right hand. All who rage against you will surely be ashamed and disgraced; those who oppose you will be as nothing and perish."

## SUSPENSION OF SESSION

Upon motion of Senator Cayetano (A), there being no objection, the session was suspended.

*It was 4:08 p.m.*

## RESUMPTION OF SESSION

At 4:13 p.m., the session was resumed.

## REFERRAL OF SPEECH TO COMMITTEE

Upon motion of Senator Cayetano (A), there being no objection, the Chair referred the speech of Senator Revilla to the Committee on Rules.

## ADJOURNMENT OF SESSION

Upon motion of Senator Cayetano (A), there being no objection, the Chair declared the session adjourned until three o'clock in the afternoon of the following day.

*It was 4:14 p.m.*

I hereby certify to the correctness of the foregoing.

OSCAR G. YABES
*Secretary of the Senate*

Approved on January 21, 2014